

Lista ng Napatunayan

Impormasyon sa Mga Karapatan ng Lahat ng mga Bata na Magpatala sa Paaralan

Ang lahat ng mga bata sa Estados Unidos ay may karapatang tumanggap ng pangunahing pampublikong edukasyon sa elementarya at sekundarya anuman ang kanilang tunay o pinaghihinalaang lahi, kulay, bansang pinagmulan, pagkamamamayan, estado ng imigrasyon, o estado ng kanilang mga magulang / tagapag-alaga. Ang mga distrito ng mga paaralan na humahadlang o nagpapahina ng loob sa mga bata na magpatuloy mag-aral, o pinapanatili ang mga patakaran na ang epekto ay ang pagkawala ng gana na magpatala sa paaralan dahil sila o ang kanilang mga magulang / tagapag-alaga ay hindi mamamayan ng Estados Unidos, o hindi dokumentado ay maaaring lumalabag ng batas Pederal.

Ang nasa ibaba ay ang ilang mga halimbawa ng mga patakaran sa pagpapatala na naaayon sa batas tulad ng paghiling ng katunayan ng paninirahan sa distrito ng paaralan, pati na rin ang mga patakaran na maaring hindi gamitin ng mga paaralan upang tanggihan ang pagpapatala ng inyong anak.

- **Katunayan ng Paninirahan sa Distrito ng Paaralan.**

- Ang mga opisyal ng paaralan ay maaaring humiling ng katibayan na kayo ay nakatira sa loob ng mga hangganan ng distrito ng paaralan. Karaniwang tinatanggap ng mga distrito ng paaralan ang iba't-ibang mga dokumento para sa layuning ito, tulad ng mga kopya ng bayarang telepono at tubig, kontrata ng pag-uupa, mga apidabit o iba pang mga dokumento. Ang kautusan ng distrito ng paaralan na patunayan ang paninirahan sa distrito ay dapat ipairal sa lahat ng mga bata.
- Ang distrito ng paaralan ay hindi maaaring magtanong tungkol sa pagkamamayan o katayuan ng imigrasyon mo o ng iyong anak para patunayan ang paninirahan sa distrito, at hindi rin maaring tanggihan ang isang batang walang tirahan (kabilang ang mga batang walang tirahan at hindi dokumentado) sa pagpapatala dahil hindi makapagbigay ng mga dokumentong magpapatunay ng paninirahan sa distrito.
- Bagamat ang isang distrito ng paaralan ay may karapatang isama sa mga hinihinging dokumento ang pagkakakilanlan na bigay ng estado o lisensyang pagmamaneho bilang patunay ng residensiya, ito ay hindi pwedeng hingiin ng distrito para pangpatunay ng paninirahan kung ito ay magiging dahilan na hindi pwedeng magpatala sa paaralan dahil ang magulang o tagapag-alaga ng bata ay hindi mamamayan o hindi dokumentado.

- **Katunayan ng Edad.**

- Ang mga opisyal ng paaralan ay maaring humingi ng katunayan na ang edad ng mag-aaral ay hindi bababa o hindi lalampas sa edad na itinatag ng distrito. Karaniwang tinatanggap ng mga distrito ng paaralan ang iba't-ibang mga dokumento para sa rekisitong ito, tulad ng sertipiko ng kapanganakan na galing sa simbahan, ospital, o sertipikong galing sa doctor, o petsa ng kapanganakang naisulat sa pahina ng bibliya, isang talaan ng pag-aampon; isang apidabit mula sa isang magulang; isang kapanganakan sertipiko; o petsa ng kapanganakang nakatala sa dating paaralang napasukan.

Pahina 1 ng 2



Kagawaran ng Katarungan ng Estados Unidos
Dibisyon ng Karapatang Sibil

Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos
*Opisina Para sa Karapatang Sibil
Tanggapan ng Pangkalahatan Konseho*



- Bagaman maaaring humiling ang distrito ng paaralan ng mga dokumento tulad ng mga nakalista sa itaas na magpapatunay ng edad ng iyong anak, ang distrito ay hindi gagawa ng anuman na magiging sagabal o magpapahina ng loob ng inyong anak na magpatala sa paaralan dahil sa kakulangan ng sertipiko ng kapanganakan o kung may papeles man, ito ay magpapahiwatig ng kanilang estadong banyaga, tulad ng sertipiko ng kapanganakang gawa sa bansang pinanggalingan.
- **Mga Numero ng Social Security.**
 - May ilang mga distrito ng mga paaralan ang humihingi ng numero ng pang seguro sosyal sa mag-aaral habang sila ay nagpapatata upang magamit bilang numero pang-pagkikilanlan ng estudyante. Kung ang isang distrito ng paaralan ay humihiling nito: (1) dapat ipaalam sa iyo at sa iyong anak na ang pagbibigay nito ay kusang-loob at ang pagtanggap magbigay ay hindi magiging sagabal sa pagpapatata o pagpasok ng inyong anak sa paaralan, at (2) ipaliwanag ang dahilan ng paghingi ng numero.
 - Ang distrito ng paaralan ay hindi maaaring pumigil sa iyong anak na magpatala o pumasok sa paaralan maski pinili mong tanggihang ibigay ang numerong pang seguro sosyal ng iyong anak.
 - Ang distrito ng paaralan ay hindi maaaring humingi ng iyong numero pang seguro sosyal para lamang magpatala at makapasok sa paaralan ang iyong anak.
- **Lahi or Datos ng Pinagmulan.**
 - Ang mga distrito ng mga paaralan ay may ilang obligasyong pang pederal at pang estado na mag-ulat ng datos ng lahi at etnisidad, Dahil dito, ang distrito ng paaralan ay may karapatang alamin ang lahi o etnisidad ng iyong anak.
 - Gayunman, ang distrito ng paaralan ay hindi maaaring pumigil sa iyong anak na magpatala kung ayaw mong ibigay ang iyong lahi o lahi ng iyong anak.

Kung gusto mong matuto nang higit pa tungkol sa iyong mga karapatan at mga karapatan ng inyong anak sa pagpapatata sa mga pampublikong paaralan, o kung naniniwala ka na ang isang distrito ng paaralan ay lumalabag sa batas pang Pederal, makipag-ugnay ka sa mga sumusunod na ahensya ng gobyerno:

- Kagawaran ng Katarungan, Dibisyon ng Karapatang Sibil, Seksyon ng mga Oportunidad na Pang-edukasyon
Telepono: (877) 292-3804 (toll-free) Fax: (202) 514-8337 Email: education@usdoj.gov
- Kagawaran ng Edukasyon, Office para sa Karapatang Sibil
Telepono: (800) 421-3481 Email: ocr@ed.gov
Kung nais mong magharap ng reklamo, punan ang isang porma online, sa Kagawaran ng Edukasyon, maaari mong gawin ito sa <http://www.ed.gov/ocr/complaintintro.html>
<http://www.ed.gov/ocr/docs/howto-tagalog.pdf>
<http://www.ed.gov/ocr/docs/complaint-form-tagalog.pdf>
- Kagawaran ng Edukasyon, Tanggapan ng Pangkalahatang Konseho
Telepono: (202) 401-6000 Fax: (202) 205-2689

Pahina 2 ng 2



Kagawaran ng Katarungan ng Estados Unidos
Dibisyon ng Karapatang Sibil

Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos
Opisina Para sa Karapatang Sibil
Tanggapan ng Pangkalahatan Konseho

